

COVID-19 Infection

~Maximum na Pag-iingat para sa muling Pagkalat ng Infection~ (Buod)

2021 Nobyembre 5

- Sa kasalukuyan, ang "5th Wave" ay patapos na sa buong bansa at ang bilang ng mga bagong nahawaang tao sa prepektura ay patuloy ang trend, na may higit sa 10 katao ang nakikita sa ilang mga araw.
- Sa mga taong (eligible for vaccination at) nahawahan nitong mga nakaraang linggo, kalahati ng mga nasa edad 30 o mas bata ay hindi nabakunahan, at higit sa kalahati ng mga nasa edad 40 o mas matanda ay itinuturing na mga 'breakthrough' (mga taong nabakunahan pero nahawahan parin).
- Bilang karagdagan, walang mga bagong kaso ng mga pasyenteng may kritikal na kalagayan sa nakaraang linggo. Ang pagbabakuna ay may malinaw na preventive effect.
- Sa kabilang banda, kahit na tapos ng mabakunahan, lubos na ipatupad parin ang mga measures upang maiwasan ang impeksyon.
- Kasama ang mga nabakunahan na, mangyaring muling ipatupad ang mga pangunahing hakbang sa pagkontrol sa impeksyon tulad ng pagsusuot ng mga mask, pagdidisimpekta ng mga kamay at daliri, pag-iwas sa 3 C's, pamamahala sa pisikal na kondisyon, at madalas na pagpapalit ng hangin (bentilasyon).
- Sa partikular, mangyaring makipagtulungan pareho ang mga customer at mga tindahan. Masigasig na gamitin ang mask kapag gumagamit ng mga restaurant, at gumawa ng masusing hakbang sa pag-iwas ng impeksyon.